




Taon 1 Blg. 8, Agosto, 1973

UPRP, Lungsod ng Kabanatuan



KATIBAYAN NG PAGKILALA SA MABUTING GAWAIN

Nakatayo mula sa kaliwa si Engr. Godofredo Iglesia, UPRP Project Manager Cesar E. Gonzales, samantalang binaba sa ang katibayan ng pagkilala tungkol sa kanilang pagtatagumpay sa larangan ng "Civil Engineering"

TUMANGGAP NG KATIBAYAN NG PAGKILALA SINA UPRP MANAGER CESAR GONZALES, ENGR. IGLESIA

Patuloy ang pag-ani ng tagumpay ng Proyekto sa Hulo ng Ilog Pampanga at iyon ay minsan pang pinatunayan nang sina UPRP Project Manager Cesar E. Gonzales at Engr. Godofredo N. Iglesia ay tumanggap ng "1973 Katiba-

yan ng Pagkilala" na ipinagkaloob ng Lupon ng Inhenyero Sibil, sa pamumuno ni Engr. Antonio A. Mansueto.

Ang natatanging palatuntunan ng pag-aabot ng Katibayan ng Pagkilala ay ginanap sa Cerca del Mar,

Roxas Boulevard, noong Agosto 11, kasabay ng pumumpa ng nakapasang mga inhenyero sibil sa eksamen noong Pebrero, 1973.

Sina Project Manager Cesar E. Gonzales at Godofredo N. Iglesia ay kabig (Sundan sa pahina 10)

Tulong ang Hapon sa pagtalanim ng kahoy sa Pantabangan

Sa pakikipag-ugnayan ng Philippine Association for Permanent Forests Incorporated kay NIA Administrator Alfredo L. Junio, ilulunsad sa malapit na hinaharap ang magka-ugay na palatuntunan ng Bansang Pilipinas at Hapon sa pagtalanim ng kahoy dito sa Pantabangan Dam.

Sina Dr. Hoyashi at Mr. Suzuki, kapwa opisyal ng panggubat sa Hapon ay ipinadala rito upang pag-aralan ang mga lugar na nababagay pagtaniman ng kahoy sa tulong ng Pamahalaang Hapones.

Nabatid buhat kay UPRP Project Manager Cesar (Sa pahina 3)

SI ENGR. BAGADION NAGING HEPE NG ENGINEERING DIVISION NG NIA

Simula noong Agosto 1, si Engr. Benjamin Bagadion ay nataas sa tungkulin bilang hepe ng Engineering Division ng National Irrigation Administration. Siya ay dating hepe ng R & R



ENGR. BAGADION

Division at Assistant Project Manager of Upper Pampanga River Project.

Avon sa "Special Order No. 1" na may petsa Hulyo 30 na nilagdaan ni NIA Administrator Alfredo L. Junio, na siyang nabigay bis sa bagong tungkulin ni (Sa pahina 3)

Opisyal na Pahayagan ng Proyekto
sa Hulo ng Ilog Pampanga
UPRP, Lungsod ng Kabanatuan

BONIFACIO J. MALGAPAO editor
REMIGIO M. PAYAWAL managing editor
LITA MASINAG associate editors
ELY CATALUNA
ELY DE GUZMAN script writer
LORENZO INOS arts
AURELIO MACTAL
POTENCIANO RAMOS photographers
RAMON DELA CRUZ

ROGELIO C. LAZARO
chief, agricultural development division
(editorial consultant)

—oOo—

ALFREDO L. JUINIO
NIA Administrator

CESAR E. GONZALES
UPRP Project Manager

LIBERTADO UYENCO
BENJAMIN U. BAGADION
UPRP Assistant Project Managers

Inilalathala makalawa isang buwan at nakatala sa Kawanihan ng Koreo sa Lungsod ng Kabanatuan na korespondensiya pangalawang uri simula noong Hunyo 2, 1973.

Pangulong Tuding:

"Ang paaralan ng magsasaka sa himpapawid"

Ang halos buong lalawigan ng Nueva Ecija ay kasali sa "MASAGANA 99 na inilunsad ng ating Pamahalaan kasabay ng iba pang mga lalawigan sa buong kapuluan. Ang tunay na layunin ng ating Pangulo ay upang ang ating mga magsasaka sa buong bansa ay mag-ani ng 99 na kabang palay at higit pa upang matamo nating mga Pilipino ang kagananaan at mahango sa paghihikahos sa pangunahing butil ng palay.

Ang UPRP-BPS Agro Educational Committee ay inilunsad ang ikatlong "PAARALAN NG MAGSASAKA SA HIMPAPAWID" na isinangawa ng UPRP Project Information Services, upang lalong magbigay sigla sa kasalukuyang kampanya ng Pangulo ukol sa masaganang ani.

Ang palatuntunan ng ito'y angkop sa lahat ng mga magsasaka, ngunit higit doon sa mga bukirang nusasakop ng serbisyo ng patubig ng NIA-UPRP, sapagkat ang mga lekturang dito'y itinuturo ay ukol sa wastong paggamit ng tubig buhat sa kanal irigasyon at sa matipid na pamamaraan, kaalinsabay ang makabagong uri ng pananakahan at pag-hahalaman.

Ang pagkakatulad na ito ng ika-tatlong kiase ng "Paaralan ng Magsasaka sa Himpapawid" ay irasahang (Sa pahina 5)



ni Bonnie Malgapo

(Karugtong ng nakaraang labas)

6. PAGSUGPO SA MGA DAMO

a. Ang pagsugpo sa mga damo sa unang apatnapung araw pagkalipas ng paglilipat tanim ay magbibigay ng humigit kumulang sa 20 kabang karagdagang ani.

b. Gumamit ng 2, 4-D o alin mang "granular" na pamuksang damo tulad ng Treflan-R at iba pa. Ang 2, 4-D at IPE ay mabisa bago o sa kasalukuyang tumutubo ang mga buto ng damo ngunit hindi pa lubos na mabisa kung ito ay tumubo na o ang mga damo ay lalabas na sa lupa.

k. Ang paggamit ng makinaryang panggapas (Rotary Weeder) o sa pamamagitan ng kamay ay dapat gawin kung hindi makapaglilagay ng "granular" na pamuksang damo. Ingatan lamang na magambala ang mga ugat ng palay.

d. Ang paggamit ng 2, 4-D at MCPA (spray) sa daming isa o dalawang litro sa bawat isang daang gulong tubig sa bawat ektarya ay mabisa. Magbomba kung umaaraw. Mabis sa rin ito sa mga damong may malalapad na dahon.

7. PAGLALAGAY NG PATABA:

a. Lumilitaw na ang mga supling ng palay 30 araw pagkaraan ng paglilipat tanim. Dahil dito ang halamau ay lubos na nangangailangan ng pataba lalo pa at ang lupa ay kulang nito.

b. Para sa mga bukid na walang patubig at kahit anong uring lupa, sa may patubig at lupang lagkitin, magsabog ng alin man sa dalawang supot ng ammonium sulfato o isang supot ng urea sa bawat ektarya upang magsupling ng marami at lumaki kaagad ang mga halamau.

k. Ulitin ang pagsasabog ng pataba 45 araw pagkaraan ng paglilipat punla. Ito ay panahon ng paglilaw ng uhay. Upang makatulong at magkaroon ng marami at malalagong butil magsabog nang pantay sa mga piintak na mayroong tubig alin man sa 2 supot ng ammonium sulfato o 1 supot ng urea sa bawat ektarya.

8. PAGSUGPO SA MGA KULISAP:

a. Laging bisitahin ang bukid upang maikita kung may mga nanirang mga sakit at peste sa mga pananim.

1. Para sa mga uring C4-63, C4-33G, C4-137 at C12, 50 araw pagkaraan ng paglilipat tanim, magsabog ng alin man sa mga "granular" na pamatay insekto na inerekomenda tulad ng Furadan 3G, Basudin 10G at Sevidol sa daming isang kilo ng aktibong pangkap bawat ektarya.

2. Para sa IR20 at IR20-1, tingnan kung may pinsalagaw ngawa ang mga sakit. Kung mayroong (Sundan sa Pahina 11)

Isang punong kahoy baw't linggo 80,000 isang buwan

Simula noong Hulyo 21 ang baw't kawani ng Proyekto sa Hulo ng Ilog Pampanga ay pinagdadala ng isang punlang punong kahoy linggo-linggo, ang may 4,000 tauhan ng UPRP, para ipatanim sa watershed ng Pantabangan Dam.

Ang pagtatanim ng punongkahoy ay kinakailangan para maagamit ang dam ng mahabang panahon.

Sinimulan na ang pang-malawakang pagtatanim ng punla ng punongkahoy, at dahil doon ay kinukulang ng punla para mapabilis ang gawain.

Sa isang pulong na ginanap kamakailan na dinaluhan ng mga hepe ng Dibisyon ng UPRP, napagti-bay na kailangang magtulong-tulong para sa ikapagtagumpay ng malaking proyektong ito ng patubig.

Si Engr. Bagadion

(Buhat sa pahina 1)

Engr. Bagadion, siya ay "special part-time detail" at naghihintay ng susunod pang tagubilin.

Binanggit sa tagubilin na si Engr. Bagadion ay kailangang biyag ng luwag ni UPRP Project Manager Cesar E. Gonzales, upang makapagukol ng sapat na panahon sa bagong tungkulin.

Si Engr. Bagadion ay magiging pangkalahatang tagapag-ugnay ng NIA, dahil sa hangaring mapagisa ang mga plano para sa pagpapaulan ng mga gawain ng Punong Tanggapan.

Sinabi ni Administrator Alfredo L. Junio na ang pagtataas sa tungkulin ni Engr. Bagadion ay kinakailangan para sa kabutihan ng paghilingkod ng Pamantasan ng Pangasiwaan ng Patubig.



MASAGANANG ANI NG DAYATAN

Tinatalkang bahagi ng inani ng isa sa aktaryang bukid dito sa PBRIS Extension, Division III. UPRP at iyon ay inabot ng mahigit na isang daang kaban.

700 samahang magpapatubig sa UPRP service area

Umabot na sa 700 samahan ng magpapatubig ang naitatag sa nasasakupin ng Proyekto sa Hulo ng Ilog Pampanga, ito ang sabi ni Leon B. Garcia, nangangasiwa sa paglalatag ng Irrigators group.

Sinabi ni Leon B. Garcia na ang magsasakang kasapi ng IG ay umaabot na sa 11,858, at patuloy pa ang pagtatatag sa kasalukuyan, kasabay ng pagpapagawa ng mga pagawain ng UPRP.

Tinatayang ang magsasakang sasakupin ng UPRP ay may bilang na 40,000 at sisikapin ng Agricultural Development Division na sila ay organisahin.

Ang pagtatatag ng Irrigators group ay may layuning tulad ng sumusunod:

1. Upang mabigyan ang mga magsasaka ng pagkakaataon na talakayin ang mga suliranin sa bukid.
2. Magmungkahi ng mga

pamamaraan at pagsasakutapan kung paano ang mga tulong na teknikal ng pamahalaan ay makapagbigay ng higit na malaking tulong sa mga magsasaka.

3. Palawakin ang diwa ng pakikipagtulungan sa paglutas sa mga suliraning pang-nayon.

4. Upang ituro ang halihaliling pamamaraan ng pagpapatubig sa mga magsasaka.

5. Upang mabigyan ng pagkakaataon ang mga magsasaka na gumawa ng sariling programa na batay at angkop sa kanilang mga pangangailangan tungo sa wastong pamamaraan ng pagpapatubig.

6. Upang maimulat ang mga magsasaka sa wastong pangangalaga sa mga istruktura, pagpapalaging malinis at maayos ang kanal at pagkukumpuni nito.

Tutulong ...

(Buhat sa pahina 1)

E. Gonzales na ang mga kahoy na binabalak na ipatanim dito sa kabundukan ng Pantabangan ay yaong ginagawang papel at kung magtatagumpay ang proyektong ito sa pagtatanim ng kahoy, malaking tulong ito sa pamahalaan at sa mamamayan dahil sa pagkakaroon ng karagdaganang kita.

Sa pagtatagumpay ng proyektong ito sa pagtatanim ng kahoy, maaring dumating ang panahon na ang mga kampanya ng Hapon ay tumulong sa pribadong mamamayan sa malawakang pagtatanim ng punongkahoy.

Sumali sa Paalaran ng Magsasaka

Hali-haliling pamamaraan ng paghahalaman

ni Cirilo G. Malang, Sr.

Ang sangkap ng ating lupa ay patuloy na nauubos sa mahabang panahon ng paggamit nito. Simula noong matalagal ng panahon, ang pagtatanim ng palay ay siya na nating nagisnatan at ang kaugaliang ito na magpahanggag ngayon ay atin pa ring ginagawa.

Sa pananaliksik ng mga paham sa agham ng pagsasaka napatunayan nang walang pasubali ang unti-unting pagkaubos ng mga sangkap na lubos na kailangan ng mga pananim na halos ay sagad na sa kakulangan nito. Sa mga bansang maunlad, ito ang kaniyang malaking suliranin. Dahil dito ang mga dalubhasa ay nabahala. Gumawa sila ng pagaaral upang maiwasan ang pandaigdig na suliraning ito, malit man o malaking bansa. Dito pumasok ang kahalagahan ng mga "chemical fertilizers" na kung pagbabalikang-isisip ay

nagsimula sa bansang Alemanya. Isang siyentipiko dito ang nakatuklas ng pagkakaroon ng NPK sa mga bagay na sinubok niyang sunugin na halos ay kasabay din sa pagsasaliksik ng isang siyentipikong Ingles. Napatunayan nila na sa paglalagay ng mga ito sa halaman ay mapapaunlad ng malaki ang ani. Dito nagsimula ang malaganap na paggamit ng pataba.

Ang lahat ng mga magsasaka halos ay gumamit at napatunayan ang kahalagahan nito bilang mahusay na suplemento sa kakulangang ng mga sangkap sa lupa.

Subalit ang kailangan ng mga halaman ay bigit pa sa NPK. Kailangan itong maibigay sa halaman upang mabigyan ang mga tao ng wastong pagkain, na may sapat na daming elemento.

Ang taba ng lupa ay nasa unang 6-8 pulgada buhat sa ibabaw nito. Ala-

laong baga ang buhay at kamatayan ng lahi ay mayroon ganitong pagitan. Lumampas pa dito ay hindi na maaari pang magbigay ng buhay sa halaman. Dahil dito maselang tungkulin ng bawat isa na panatilihing malusog ang bahaging ito ng lupa.

HALI-HALILING PAGHAHALAMAN

Isa sa maraming ipinapayo ang mga tekniko upang malutas ang suliraning ito bukod pa na magbibigay ng dagdag na kita sa mga magsasaka ay ang hali-haliling paghahalaman. Sa pamamaraang ito ng pagsasakahan ang lupa ay mabibigyan ng pahinga sapagkat ito ay mangangailangan ng pagtatanim ng iba pang halaman liban sa palay sa pamamaraang hali-halili. Ang mga halaman ay hindi pare-pareho ng panga-

ngailangan sa pagkain gayon din sa dami nito. Kaya naman may mga halaman na nagbibigay ng dagdag na sangkap sa lupa. Isa na rito ang mga uring "legumes" tulad ng mani sitao, mungo at ib pa. upang bumanggit lamang ng ilan. Sa tulong ng mga mikrobyo sa lupa ang mga elemento tulad ng nitroheno ay naibibigay sa mga halaman.

PANGUNAHING PILEOSIPIYA


Ang hali-haliling paghahalaman ay ganap na nangangailangan ng matatiling pag-aaral. Ang uri ng lupa ay may mahalagang puwang dito. Naglalayong mabawasan ang luwang o sukot ng lupa na wala pang itanim, ang sistemang ito ay pagpapalaki ng maraming uri ng mga piling tanim na pang tumana na maitahallili sa palay na siyang pangunahing tanim sa tagulan.

Sa ganitong uri ng pagsasaka, ang mga magbubukid ay magiging lubrin sa abala sa kanilang bukirin sa dahilang patuloy ang pagdudulot niya ng panahon sa kaniyang mga halaman. Malaking karagdagan sa kaniyang kita ang idudulot liban pa sa maibibigay na pahinga sa lupa at maraodang ang taba nito.

MGA DAPAT MALAMAN

Sa paggawa at pagsunod sa paraang ito dapat bigyan ng pansin at karapatang din ang ilang mga bagay.

1. Uri ng lupa at dami ng tubig—Ang isa sa mahalagang bagay na dapat bigyan ng pansin ay ang klase ng lupa. Ang ibang uri ng halaman bukod sa palay ay madaling lumaki kung ang halaman bukod sa palay ay lupang tatamnan ay akma (Sundan sa pahina 8)



MAGAGANDANG DAAN SA IBABAW NG KANAL

Mahusay na nagagamit ang mga daan sa tabi ng kanal irigasyon sa paghahakot ng mga produkto ng magsasaka. Ang larawan sa itaas ay bahagi ng "main canal" ng UPRP.



PROFILE

Engr. Vicente Albano Luz

The R & R Division has launched a month-long Health and Sanitation Drive in the three newly relocated barrios (Malbang Villarica, and Liberty) at the Tanauan resettlement area.

Formally launched by the Division Chief last August 1st, the drive has won the support and cooperation of local youth groups and civic associations.

Members of the Pambansang Kilusan sa Pagpapaulan Ng Pamayanan. (PKPP Pantabangan Chapter) and the Pag-asa Youth Movement of barrio Malbang, are coordinating with the UPRP in various community projects designed to promote health and sanitation in the barrio sites.

School children from Central Elementary School and the Saint Andrew High School in Pantabangan (town proper) have likewise embarked on similar projects. They have started planting ornamental and fruit trees along the streets of the new town site.

—oOo—

A six-room modern school building complete with both lighting and sanitation facilities was turned over recently to local school officials for use by school children in the three newly relocated barrios.

The school building which was estimated at P85,000.00 in construction cost is the first of three structures being planned for the school sites in barrio Malbang. Development of the more than three hectares school ground will be undertaken jointly by the UPRP and the settler children.

—oOo—

Some 300 participants in the Pantabangan Resettlement Socio-Economic Training Program (Resettlers Seminar) are scheduled to be awarded their certificates of completion on August 22.

The graduation rites will be a simple but an appropriate one with a program designed for the pleasure of some distinguished guests.

—oOo—

The first class of the Resettlers Seminars for residents of East Poblacion in Pantabangan townproper is scheduled to start on the 20th of August.

About 10 classes of 70 participants each will be opened for all interested and qualified resettlers.

The "Oras ng Pantabangan," a one-hour radio program aired every Friday over DWAR radio station will soon feature talents from Pantabangan.

Arrangements has been made with the program director for the inclusion of the musical numbers and poetry recitals by talented youths from Pantabangan.

What would you say about a man who have attended a series of ECAFE sponsored seminars on planning and design, have taken special lectures on design from SEATO, and who handles the field design section of the UPRP.

You would say that he is all and only for design—that as an engineer he just might as well confine himself to going over maps plans and endless figures—the job he loves and which he is adept at.

Any re-organization in the project have taken place, but his constancy in his line proves him firm in his position. He seems to have destined for such a role.

That is what Engr. Vicente Albano Luz is like. His diligence and the zeal with which he pushes on to perform his delicate function need not to be told. In fact, his industry combined with his reticence, has long become his trade mark. He is of the reversed type who would rather read books at home during his free hours or play chess rather than to spend the time out with his friends.

In terms of ideas and thinking, he is not so old fashioned and simple as would have you believe. Actually, he has managed to blend the old and the new himself, resulting in a unique personality, one

cannot find fault with. Take the case of his ideas in the rearing of the children, he believes that the parents must teach the children to be independent little by little as they grow old.



Engr. LUZ

Vic, or Enteng, as he is fondly called, is 5'-7" in height, slight bodied at 115 pounds and is only 43 years old.

In the family, he and his wife are both from Ilocos Norte, where he grew up himself. He believes that he looks like his father and got his reticent inclination from his father, too. He is quite hung up in music—ballads, operatic, a silent expression of his taste that he shares with his wife.

In his work, he derives the same flavor of the new and the old blended into an efficient force. As chief of the field design section, he exults in the many satisfaction he derives from it.

Ang Paaralan ng ...

(Mula sa pahina 2)

lalang makapagbibigay sigla sa mga magsasaka'ng kalahok sa "Masagana 99".

Dahil dito ay inaasahang ang lahat ng kinaaukulan na ang proyekto ng Pangulo ang ating Bansa: ay magtatagumpay gaya ng kanyang pangarap ukol sa katagumpayan ng libo-libong mga magsasakang bumubuhay sa lahat ng mga Pilipino sa bansang Pilipinas.

NO CONTENT

(pp. 6-7)

(mula sa pahina 4)

Nemecio "Naning" Ciriaco

Paglilingkod sa tunay na kahulugan ng kataga ang siyang tuwina'y naging panuntunan sa buhay ni Nemecio C. Ciriaco, ang kasalukuyang "project coordinator" sa lahat ng mga proyekto ng Division III na nasa ilalim ni Engr. Ceferino V. Mariano.

Hindi naman katakata, ang kaniyang paglilingkod sa pamahalaan ay nasa ika-25 taon na ngayon. Tiyaqa sipag, pamamaraan at pakikisama sa lahat ng mga tao ang naging puhunan niya sa lahat ng oras ng kaniyang buhay. Si Naning ay isang magandang halimbawa ng tunay na larawan ng Bagong Lipunan.

Magbuhay sa maunlad na nayon ng Mambanganan, San Leonardo, Nueva Ecija siya ay tapos lamang ng mataas na paaralan at dala palibhasa ng kahirapan, siya ay hindi nakapagpatuloy ng pag-aaral sa kolehiyo. Ngunit ito ay hindi naging sagwil upang ang kaniyang magandang layunin sa buhay ay hindi matupad.

Taong 1948 hanggang 1952, siya ay naglilingkod sa Pambansang Pangasiwaan ng Patubig bilang isang "ditchtender" sa loob ng limang taon. Pagkatapos nang nasahing panahon, siya ay nataas ng tungkulin bilang "clerical aide" ng Peñaranda River Irrigation System.

Lahat ng mga gawaing ipagawala sa kanya ay buong husay niyang nagagampanan kung tungkol din lang sa mga gawain sa patubig, kung kaya't noong 1954, siya ay itinalaga bilang "assistant watermaster".

Ang kakayahan ni Naning ay sinubok na muli ng siya ay gawing "construction foreman" sa Camiling River Irrigation Project at pagkatapos ng proyekto doon ay ibinalik dito sa Nueva Ecija, upang ipagpatuloy ang pangangasiwa sa

mga pagawain ng Pampanaga Bongabon River Irrigation System.

Naging ganap na "watermaster" nang taong 1964, at karagdagang gawain ang pagtulong sa paninilig sa mga buwis ng patubig. Tu-



CIRIACO

mutulong pa sa pagsasaayos ng "right of way" at iba pang suliranin sa proyekto na nangangailangan ng pambihirang kakayahan.

Sinusubaybayan ni Mr. Ciriaco ang 20 "ditchtender" na nakatalaga sa may mahigit na 2,500 hektaryang bukirin sa kalakhan ng San Leonardo.

Hindi lang pagsasaka, pagpapatubig at pagtulong sa paglutas ng maselang mga gawain ng proyekto, kundi, si Mr. Nemecio "Naning" Ciriaco ay kasapi sa angkan ng mga mahilig sa musika. Siya ay kasapi sa tanyag na banda ng musiko ang "San Leonardo Band" na kilala sa buong lalawigan.

Upang magamit ang una at hulig pag-ibig ni Mang Naning, ang musika, siya ay binigyan ng tungkuling "talent coordinator" ng Division III ng UPRP, kaugnay ng palatuntunan ni Bonifacio J. Malgapo, sa himpilan ng radyo DWAR, "Sunday Live Show".

Siya ay kasal sa dating Leonora Salazar no San Leonardo, Nueva Ecija at sila ay biniiyayaan ng Diyos ng walong suping.

sa pangangailangan nito. Ang lupang maaaring tamnan ng palay at gulay ay ang tinakwag na medyo lagkitin. Ang uring ito ay makapagpipon ng sapat na tubig para sa pangangailangan nito. Ang lupang maaaring tamnan ng palay at gulay ay ang tinatawag na medyo lagkitin. Ang uring ito ay makapagpipon ng sapat na tubig para sa pangangailangan ng halaman at madali rin namang matuyuan.

2. Tagal bago anihin—Dapat malaman ang itatagal nito bago anihin upang sa gayon ang susunod na pagtatalim ay maibanda.

3. Uri ng binhi—Sa higit na kapaki-pakinabang sa mga magasaka, piliin ang mga binhing malakas magani, mathay sa sakit, mabilal at may halaga sa pamilihan at napapanahon.

4. Paghabanda ng lupa—Gawin ang paghabanda ng lupang tatamnan ng angkop sa pangangailangan ng halaman.

PMARISAN

Ang mga sumusunod ay halimbawang maaaring pamarisan bagaman at ang pamamaraan ay dapat ibatay sa umiiral na kundisyon sa lokalidad.

1. palay — Agosto-Nob. mungo — Dis-Marso
2. palay — Abril-Hulbo
3. palay — Hulyo-Nob. mungo — Dis-Marso
4. palay — Hulyo-Nob. mungo — Dis-Marso
5. palay — Hulyo-Nob. mungo — Dis-Marso
6. palay — Hulyo-Nob. mungo — Mayo-Hunyo

Ang isang magasaka ay makagagawa ng sariling kalendaryo ng pagtatalim ayon sa kaniyang pangangailangan at umiiral na kundisyon sa lugar. Ang pagsasalang-alang sa pagpapatuba, pagsuport sa mga kulisap at mga damo ay hindi dapat iwaglit. Kasing halaga ng mga nabanggit ay ang pagaalaga ng wasto sa mga halaman. Sa paraang ito ay makatibay ng malulusog na mga halaman, maunlad na ani, napa-hingang lupa at higit sa lahat ay malaking karagdagang kita sa paniq ng mga manggagawa sa bukid.

Matulungin Bo. Kapitan

Si Baryo Captain Graciano Villesca ng Pantoc Zaragoza, Nueva Ecija, ay lagging nakakatulong ng mga tauhan ng Upper Pampanaga River Irrigation Project sa pagsasaayos ng kanal, right of way, at iba pang suliranin ng proyekto.

Iyon ay kanyang ginagawa dahil siya ay naniniwala na naririto sa patubig ang pag-asa ng kanyang nasasakupang magasaka.



VILLESCA

PANAYAM:

PAKIKIPANAYAM KAY JACINTO RUBIANO, CHIEF ADMINISTRATIVE SERVICES AT ACTING, CHIEF, LOAN UNIT, R & R DIVISION, BILANG PAGLILIWANAG SA PAGPAPAUTANG SA TAGA PANTABANGAN

1. Bilang Acting Chief ng "Loan Unit", maaari bang ipaliwanag ninyo ang tungkulin na inyong ginagampanan at ang mga gawain saklaw ng inyong unit.

SAGOT: Bilang Pansamantalang Puno ng Sangay ng Pagpapautang ay saklaw ng inyong lingkod ang pagpapautang sa mga alituntunin at patakaran sa pagpapautang sa mga taong lilikas sa Bagong Pamayanan.

2. Anu-ano ang mga uri o klase ng mga pautang ng NIA-UPRP sa mga mamamayan ng Pantabangan na ililikas mula sa imbakang Pantabangan Dam?

SAGOT: Ang mga uri ng pagpapautang ay ang mga sumusunod:

- a) Pabahay (Housing Loan)
- b) Pangproyekto ng Pangkabuhayan (Project)
- c) Panangkilik (Subsistence Loan)

3. Ito bang pagpapautang na ito sa mga resettlers o ililikas ay katulad ng pagpapautang ng mga ibang ahensiya na matatawag nating mga ahensiya na nagpapautang o mga "Loaning Agencies" gaya ng GSIS, DBP at iba pa?

SAGOT: Hindi po lubos na katulad.

4. Kung katulad ng pagpapautang ng mga "Loaning Agencies" ay anu-ano ang pagkakaiba ng pagpapautang na ito ng NIA sa mga resettlers?

SAGOT: Sa dahilan na ang "Kolateral" o panagot sa nangungulang ay ang bahay na itatayo at ang lupang ipagkakaloob sa kanila.

5. Sa pagpapautang na ito ay mayroon po bang mga alituntuning sinusnod? Maaari bang ipaliwanag ninyo kung papaano ginawa ang mga alituntuning tinutukoy at kung anu-ano ang mga naging batayan sa paggawa nito?

SAGOT: Mayroong tiyak na alituntunin at patakaran na ating sinusnod: Ang alituntuning ito ay itinakda ng Tagapangasiwa (Administrator) ng Pambansang Pangasiwaan ng Patubig. Ang naging batayan nito ay ang pangkat 3 ng Pampanguluhang Kautusan Bilang 35 (Section 3 of Presidential Decree No. 35) na naglalaan ng hindi hihigit sa dalawampung milyong piso upang ipautang sa mangagisilikas mula sa imbakang Pantabangan, UPRP.

6. Samakatwid ay isa sa naging batayan o basis nito ay ang Presidential Decree No. 35. Anu-ano po ba ang mga tadhana nito na tuwirang may kinalaman sa pagpapautang? Maaari po bang ipaliwanag ninyo sa kapakanan ng mga mambabasa kung ano ang nilalaman ng Section No.

SAGOT: Ang pangkat 3 ng Pampanguluhang Kautusan Bilang 35 ay nagsasaad din na ang pagpapautang ay pamamahalaan ng NIA at ang Tagapangasiwa ng NIA ay magtatakda at magpapatupad ng mga patakaran at alituntunin sa pagpapautang.

7. Maaari po bang ipaliwanag din ninyo kung sinusino ba sa mga resettlers ang maaring bigyan ng nasabing mga pautang? Sa madaling salita, anu-ano ang mga "Qualifications" ng mga maaaring bigyan ng mga pautang?

SAGOT: Tangiang ang mga ulo ng sambayanan na nakatira sa imbakang hanggang ika-31 ng Enero 1973 at ang mga naililikas sa Bagong Pamayanan.

8. Iyon po bang mga biyuda at mga ulila na sa mga magulang na tumatayang ulo o ama ng lamanan ay libigang din ba ng pautang?

SAGOT: OPO

9. Ang mga samahan ay maaari rin bang umutang? Maaari bang sabihin ninyo ang mga qualification o katangian ng isang samahan upang makautang sa NIA

SAGOT: Opo. Ang katangian ng isang samahan ay dapat itinatag at nakatala ng naaayon sa mga alituntuning itinakda ng Pamahalaang Local at Pagpapautang ng nayon at kinikilala ng NIA at binubuo ng mga tunay na naninirahan ay dapat ding makautang sang-ayon sa mga patakaran at alituntuning maaring ipatupad ng Tagapangasiwa ng NIA.

10. Sa mga samahan at kooperatiba, gaano ba kalaiki ang maaari nilang mautang o mahiram sa NIA?

SAGOT: Hanggang sa mga panahong ito ay wala pang halagang itinakda ng Tagapangasiwa ng NIA?

11. Kung sakali at ang mga taong umutang ay hindi makabayad, ano ang aksiyon na maaring gawin ng NIA?

SAGOT: Una, sisingilin ng Tanggapan ang nananagot at kung hindi pa makabayad ang nasabing nananagot; ang sangla ay magiging walang kabuluhan at ang tanggapan ay ipagbibili ang bahay ng naaayon sa batas.

12. Ang mga pautang na tinutukoy ba ay may "collateral"? Ano ang magiging garantiya kung sakali?

SAGOT: Ang lupang ipagkakaloob at ang bahay na itinayo ay siyang mga garantiya.

13. Papaano po ba ang paraan ng pagbabayad ng mga resettlers sa kanilang pagkautang? Kung ito ay hulugan, gaano naman katagal ang kanilang paghuhulog?

(Sundan sa pahina 10)

SAGOT: Ang pagbabayad ay hulugan at tatagal ng 13 taon na dalawang beses isang taon o 26 na beses na paghuhulog.

14. Ito bang mga pautang na ito ay may interest? Kung hindi man ay maaari bang ipaliwanag ninyo itong isang porsiyentong sinisingil sa paglilingkod?

SAGOT: Ang pautang na ito ay walang interest, ngunit mayroong idaragdag na "service charge". Ang 1% service charge ay siyang kapalit ng halagang ginugol sa pamamahalaan.

15. Ito bang mauutang ng mga tao ay "cash" o pera-rang iyaabot sa kanila?

SAGOT: Mayroong cash o pera at mayroong "in kind" o sa uri.

16. Wala ho bang pagkakataon na ang isang resettler ay makauutang ng cash?

SAGOT: Mayroong pagkakataon na makauutang ng "cash" ang isang resettler. (1) para sa pagiging kaanib at pagsosyo sa kooperatiba na kinikilala ng NIA; (2) kung sa pabahay naman ay; balik gugol o reimbursement method." Halimbawa, P1,700.00 ang nagastos ng isang resettler bilang pasimula ng kanyang bahay o pagpapayos ng kanyang lumang bahay, ang tanggapan ay magpapatung ng halaga ding iyon, P1,700.00 sa resettler.

17. Ang kabuuan ba ng mauutang ng bawat pamilya ng resettler ay pare-pareho ang halaga? Kung hindi man ay maaari ba ninyong ipaliwanag ang pagkakaiba-iba ng halaga na maaari nilang utangin?

SAGOT: Hindi pare-pareho ang halagang mauutang ng bawat pamilya ng resettler.

a) Kung ang kabuuan ng tinanggap ng resettler sa

NIA ay hindi hihigit sa P10,000.00, P10,000.00 ang pinakamalaking mauutang;

b) P5,000.00 kung ang kabuuang halaga na tinanggap sa NIA ay humigit sa P30,000.00;

k) Mula sa higit sa P5,000.00 at hindi aabot sa P10,000.00 kung ang tinanggap sa NIA ay higit sa P10,000.00 at kukulangin naman sa P30,000.00.

18. Sa pabahay o "housing loan" ay mayroon tayong "core house", kung sakali at gusto ng mga resettlers na sila na ang magpagawa ng kanilang sariling bahay, maaari po ba ito?

SAGOT: Maaari

18. Kung ang ibig ng resettler ay ilipat na lamang ang kanilang lumang bahay, hindi maiiwasan na may magpagawa (Sundan sa Pahina 1)

Tumanggap ng ... (mula sa pahina 1)

lang sa 23 mga piling inhenyero buhat sa buong bansa na binigyan ng Katibayan ng Pagkilala ng "Board of Civil Engineers".

Pagkatapos ng pasulong na pananaliksik at pag-aaral, bilang pagsasanay sa larangan ng inhenyeria, at karapatdapat na paglilingkod sa pagpapaulad, ng propesyon ng inhenyero sibil, ang Katibayan ng Pagkilala ay iginawad sang-

ayon sa seksiyon 4, Batas Republika Bilang 544.

Ayon sa Batas 544, ang "Board of Civil Engineers" ay nakapagbibigay ng Katibayan ng Paglilingkod sa mga natatanging inhenyero sibil na naglatagumpay sa kani-kanilang larangan ng paglilingkod.

Ang iba pang tumanggap ng Katibayan ng Pagkilala ay sina: (Highway Engineering Award) Domingo B. Astudillo, Democrito R. Briones, Amor C. Canidoza, Jose E. David, Nicholas A. Naval, Alfredo Z. Reyes, Romulo M. del Rosario, at Jaime E. Sarte. Civil Engineering Construction Award: Zacarias Baile, Quintin K. Calderon, Vicente B. Esquerro, Jr., Remigio W. Ortiz at Narciso S. Padilla, Jr.

Hydraulic Engineering Award: Cesar E. Gonzales at Godofredo N. Iglesia.

Structural Engineering Award: Primo P. Alcantara, Hermogenes M. Carpio Jr. at Francisco M. Itiung.

Portworks Engineering Award: Florentino T. Aricheta, Gregorio O. Carrillo at Paulino G. Lacap.

Soil and Foundation Engineering Award: Jose Ma de Castro.

Civil Engineering Education Award: Ernesto G. Tabejara, Jr.



NAGRASYON ANG DAR SA TAGA-PANTABANGAN

Makikita sa larawan ang mga bagong li kas na taga-Pantabangan samantalang sila ay tumatanggan ng rasyong bigas buhat sa mga tauhan ng Department of Agrarian Reform (DAR).

sisira sa pagbabaklas nito. Maaari ba sa kung ibig ng resettler na makompleto ang bahay ay makautang sa housing loan? Ito ba ay sa halagang P5,000.00 din katulad ng iba?

SAGOT: Maaari siyang makautang ng "Housing Loans" sa halagang P5,000.00 kung siya ay tumanggap sa NIA bilang kabayaran ng lupa, halaman at bahay ng halagang hindi hihigit sa P10,000.00 at ayon sa uri ng bahay na kanyang itatayo.

20. Kung sakali at ang isang resettler ay ayaw noong "core house" gusto niyang magpagawa ng kanilang gitingil bahay ngunit wala siyang magagamit na pera, papaano ang dapat niyang gawin upang magkabahay?

SAGOT: Siya ay dapat umamb sa kooperatiba na itinatang na kung lawagin ay NEW PANTABANGAN MULTI-PURPOSE COOPERATIVE, INC., at ito ay siyang maaaring magpautang muna sa kaniya ng mga materiales o kasangkapan.

21. Kung sakali naman at walang-wala siyang pera na magamit sa pagmumusta ng kaniyang sariling bahay ay papaano siya magpapatalo ng kaniyang bahay?

SAGOT: Una, maglahad ng plano ng bahay sa Tanggapan ng NIA. Pangalawa, pagtibayin ang "Housing Loan Application" at Pangatlo, gamitin ang aprobadong "Housing Loan Application" bilang basihan sa paghanap ng mamumuhunan o financier.

22. Kung ang isang resettler ay ililipat na lamang sa kaniyang lumang bahay at kaniyang gilyan ang P5,000, housing loan upangmagamit sa negosyo, maaari po ba ito?

SAGOT: Wala akong tiyak na sagot sa tanong na ito. Isasaguni ko ang bagay na ito sa aking hepe na si Engr. Carlos A. Sales.

23. Nabanggit niyo na mayroong Project loan o pautang sa mga proyekto ng maaaring pagkakalaan, maaari po bang ipaliwanag niyo kung ano-ano ang nakapaloob dito? Ito ba ay materials din o cash?

SAGOT: Ito ay materiales o mga bagay na kailangan sa Proyekto, ngunit walang cash na ipagkaloob sa resettler, maliban lamang sa halagang hindi hihigit sa P1,000.00 na ipagkaloob niya sa kooperatiba pare sa pagiging kasali at sosyo sa kooperatiba.

24. Ang lahat ba ng resettler at maaaring umutang ng ganitong uri ng pautang? Kung hindi rian, ay sinu-sino sa kanila ang maaaring mabigyan nito?

SAGOT: Yaon lamang kaanib sa kooperatiba o samahang pang-nayon na itinatang ayon sa alituntunin ng kagawaran ng Pamahalang lokal at kinikilala ng NIA at banda ang sambahayan na sila ang makakapangasiwa sa proyekto.

25. Magkano ba at gaano katagal ang pagbibigay nitong "project loan"?

SAGOT: Hindi hihigit sa P3,000.00 at sa loob ng tatlong (3) taon mula sa petsa ng paglipat sa

Bagong Pamayanan.

26. Kung ang resettler ay gustong magtayo ng poultry o piggyery kaya, siya ba ay bibigyan ng mga baboy o manok na bilang kasama sa utang sa ilalim ng project loan?

SAGOT: Opo.

27. Kung halimbawa't pagkaraan na mabigyan siya ng "project loan" ay biglang nangamatay ang kaniyang alaga, maaari pa rin ba siyang mabigyan uli?

SAGOT: Opo, kung mayroon pang nalalabing salapi para sa kaniyang "project loan".

28. Sa "Subsistence Loan", ito ba ay maaaring apalayan ng lahat ng pamilya ng resettler? Kung hindi man ay sino lamang ang maaaring umutang nito?

SAGOT: Sang-ayon po sa tinanggap bilang kabayaran ng lupa, bahay, at halaman mula sa NIA Ito ang batayan kung sila ay dapat pagkaluoban ng "Subsistence Loan", at huudi kumita ng higit sa P2,000.00 isang taon.

Gabay ng ...

(buhat sa pahina 2)

3. Kung may tungro, maghomba ng Gusatlon, Carbin 85-S o Sevin 85-3 sa dosis na ipinapayo ng pabricante.

9. PAG-AANI:

a. Pakatihin ang tubig sa bukid 85 araw pagkaraan ng paglipat tanim. Sa panahong ito ay mahigpit na kailangan ng palay ang tubig; mana pa nga ay pagpatuyo nito ay makatutulong sa mabilis na paggelang ng mga butil.

b. Sa ika-100 araw ng palay buhat sa paglipat punla at mayroong ng 80% nito ay malinaw at matigas ang palay ay maaari nang anihin.

10. EKONOMIKO:

a. Inaasahang ani sa pamamaraang masagana

1. Tag-ulan

a. May Patubig	90 kaban/ha	P2,250.00 Gross
b. Tubig ulan	70 kaban/ha	1,750.00 Gross

2. Mga gastos:

a. Pataba, pamatay kulisap,	P300.00-400.00
b. Binhi, paghahanda ng bukid	P300.00-400.00
k. Pagaani	300.00-400.00
KABUWANG GASTOS:	900.00-1200.00

3. Inaasahang tubo bawat ektarya:


	Tag-ulan, may patubig	Tubig-ulan
a. Gross	P2,250.00	P1,750.00
b. Gastos	1,050.00	950.00
c. Tubo	1,200.00	800.00

Kailangan ng bansa ang marami pang palay. Madadagdagan ito sa pamamaraang Masagana. Sumali sa programang ito.



LUNTIANG PAGBABAGO (Green Revolution)

Ang Sta. Cruz 4-H Club sa pamumuno ni Juliet Zapata ay matagumpay na nag-ani sa kanilang proyekto kaugnay ng Luntiing Pagbabago. Makikita sa larawan si Alfonso Zapata (taga-payo) na namimitas ng bunga ng talong kasama ang mga opisyal ng Sta Cruz 4-H Club sa ilalim ng pagsubaybay ni Gng. Tinio ng BAE.



MAKA-BAGONG BAHAY PAMILIHAN NG PANTABANGAN

Ang modelo at makabagong bahay-pamilihan sa ginagawang bagong bayan ng Pantabangan.

ANG BATAS AY GINAWA UPANG ATING ISAGAWA

Bagong bahay Paaralan sa bagong Pantabangan

Natapos na ang gusali ng Mababang Paaralan ng Pantabangan sa ginagawang Bagong Pamayanan at nakapagsimula na ang klase noong Hulyo 30, ng mga batang nagsisipag-aral na nagbubuhay sa Baryo ng Malbang, Liberty at Villarica.

Ang bagong Bahay Paaralan ay sinasabing isa sa pinakamaganda at makabagong paaralan sa buong Nueva Ecija. Iyon ay mayroong anim na silid aralan para sa mga batang nagsisipag-aral mula sa una at hanggang sa ika-anim na grado, na naninirahan sa mga Baryo ng Liberty, Villarica at Malbang.

Ayon kay Engr. Romulo Marquez ng Dam Division na siyang namahala at nangasiwa sa pagpapagawa ng paaralan, ay umabot sa walumpu at limang libong piso (P85,000.00) ang nagastos sa paaralan, kabilang na ang mga upuan.

Mayroong 3 ektarya ang nasasakop ng bakuran at nabatid na isasaayos upang maging laruan ng mga bata at taniman ng mga gulay at halaman.

Magpapagawa rin ang Pambansang Pangasiwaan ng Patubig at ang Propekto sa Hulo ng Ilog Pam-panga ng dalawa pang gusali ng paaralan para naman sa Mataas na Paaralan. Malapit na ring matapos ang gusali ng Bahay Pamahalaan at ang gusali ng Pamilihang Bayan.

Sinabi ni Engr. Marquez na hindi na magtatagal at ang kabuuan ng Bagong Pamayanan ay magkakaroon ng katuparan upang iukol sa mga taga-Pantabangan na magsisimula sa kanilang bagong pamumuhay.